# Statement of the UP Diliman University Council

## Demand Political Accountability, Reject Political Theatrics

1 July 2026

Naninindigan ang University Council ng Unibersidad ng Pilipinas (UP) Diliman para sa katarungan at pananagutan sa harap ng nagpapatuloy na korapsyon at kultura ng kawalang-pananagutan. Hindi tayo dapat mailihis ng mga dramang pampulitika nitong mga nagdaang linggo. Kailangang ipagpatuloy natin ang paniningil ng pananagutan sa sistematikong korapsyong nagdulot ng matinding pinsala at pagdurusa sa sambayanang Pilipino.

Bagaman mistulang isang katawa-tawang palabas ang mga pangyayari sa Senado, mabigat ang magiging epekto nito sa milyun-milyong Pilipino. Matapos ang sunod-sunod na kahiya-hiyang eksena, pansamantalang katatagan lamang ang naibigay ng bagong mayorya sa Senado, at nakasalalay pa ito sa mga politikong inuuna ang sariling kapakanan at nagsisikap na protektahan ang kanilang mga sarili. Madali ring mababago ang balanse ng kapangyarihan, lalo na kung mauuwi sa pagsasakdal o pag-aresto ang iba pang mga imbestigasyon sa hanay ng mga senador. Higit sa lahat, nakasalalay rito ang paglilitis ni Pangalawang Pangulo Sara Duterte na na-impeach na sa ikalawang pagkakataon. Kapag nabigo ang paglilitis na ito, lalo lamang lalayo ang katarungan sa taumbayan at lalo pang titibay ang kapangyarihan ng pamilyang Duterte na tahasang naghahanda para sa halalan sa pampangulo sa 2028.

Lalong lumalala ang kasalukuyang krisis dahil sa malawakang protesta ng Iglesia ni Cristo kaugnay ng mga kasong plunder laban kay Senador Rodante



upd.edu.ph OfficialUPDiliman Official_UPD officialupdiliman official_up_diliman

Marcoleta. Nagdulot ito ng malaking abala sa mga komyuter noong Hunyo 30 at maaari pang lumawak ang epekto kung magtatagal at lalaki pa ang kanilang pag-oorganisa. Sa buod ng krisis na ito ang patuloy na paggamit ng kapangyarihang lehislatibo upang tiyakin ang kawalang-panagutan—para sa sarili, sa mga kaalyado, at sa mga padrinong pampolitika. Nasaksihan natin ito sa pagharang sa pag-aresto ng International Criminal Court (ICC) kay Senador Ronald “Bato” dela Rosa, at walang dahilan upang isiping hindi na ito mauulit. Kalahati ng Senado ang nahaharap sa mga aktibo o hindi pa nalulutas na imbestigasyon.

Kasabay ng lumalalang kaguluhang pampulitika, lalo namang tumitindi ang pasanin ng mamamayan dahil sa patuloy na pagtaas ng halaga ng mga pangunahing bilihin na hindi na kayang abutin ng karaniwang Pilipino. Mabagal at paisa-isa ang mga tugon ng pamahalaan sa krisis sa presyo ng langis at iba pang suliraning pang-ekonomiya, gayong agarang ayuda ang tunay na kailangan ng mamamayan.

Manatili tayong nakatuon sa adyenda ng sambayanan, hindi sa bangayan ng dalawang nag-aagawang paksyon ng naghaharing uri. Una, kailangang ituloy ang paglilitis sa impeachment ni Pangalawang Pangulong Duterte at tiyaking magiging patas ang buong proseso upang mailahad nang lubos ang lahat ng ebidensya. Malinaw ang panawagan ng publiko: pito sa bawat sampung Pilipinong nasarbey ang naniniwalang dapat siyang humarap sa paglilitis.[1] Ikalawa, napatunayang hungkag ang pahayag ni Pangulong Ferdinand Marcos Jr. na “Mahiya naman kayo!” bilang tugon sa laganap na korapsyon. Nabigo ang ngayo’y lipas nang Independent Commission on Infrastructure na papanagutin ang mga pinaghihinalaang utak ng katiwalian, at hanggang ngayon ay wala pa ring inilalabas na huling ulat. Ikatlo, mananatiling larangan ng dominasyon

[1] *https://www.gmanetwork.com/news/topstories/nation/989711/7-out-of-10-filipinos-support-a-senate-impeachment-trial-vs-vp-sara-duterte-octa/story/*



upd.edu.ph OfficialUPDiliman Official_UPD officialupdiliman official_up_diliman

ng iilang makapangyarihang pamilya ang halalan sa 2028 hangga't hindi naipapasa ang isang tunay na batas laban sa mga dinastiyang pampolitika at hindi nairereporma ang sistemang party-list na matagal nang kontrolado ng mga dinastiya at malalaking negosyo.

Maaaring magbunga ang kasalukuyang kawalang-katatagan ng higit pang kaguluhan. Bagaman nagpapatuloy ang paglilitis ng ICC laban kay dating Pangulong Rodrigo Duterte, ipinakita ng ika-10 anibersaryo ng kanyang "gera kontra droga" na nananatiling laganap ang kawalang-pananagutan ng mga pulis at iba pang direktang sangkot sa libo-libong pamamaslang. Iilan pa lamang ang nahahatulan sa mga lokal na hukuman sa kabila ng napakaraming biktima. Dapat ding matuloy nang mapayapa sa Setyembre ang halalan sa Bangsamoro Autonomous Region in Muslim Mindanao, na ilang ulit nang naantala. Samantala, patuloy na dinaranas ng mga residente ng General Santos City, Sarangani, South Cotabato, at Davao Occidental ang pinsalang dulot ng lindol sa Mindanao. Mahalaga ring maipagpatuloy ang usapang pangkapayapaan sa pagitan ng pamahalaan at ng Communist Party of the Philippines–New People's Army–National Democratic Front of the Philippines. Kailangang imbestigahan nang maayos ang nagpapatuloy na mga paglabag sa karapatang pantao sa ilalim ng marahas na programang kontra-insurhensiya ng estado at papanagutin ang mga may sala. Dapat ding pigilan ang patuloy na paglala ng militarisasyon. Pinatay ng militar ang mga estudyante ng UP na sina Alyssa Alano at Maureen Santuyo sa isang insidenteng itinuring ng isang malayang fact-finding mission—na nilahukan din ng ilang guro at estudyante mula sa ating pamantasan—bilang isang masaker sa isla ng Negros.[2] Kailangang wakasan ang kultura ng kawalang-pananagutan sa karahasang isinasagawa ng estado. Sa usapin ng ugnayang panlabas, kailangan ding iwaksi ng estado ang labis na pagsunod sa mga prayoridad na

[2] *https://www.karapatan.org/media_release/fact-finding-mission-confirms-civilian-victims-ongoing-ihl-violations-in-toboso/*

panseguridad ng Estados Unidos sa rehiyon, gaya ng ipinakikita ng proyektong Pax Silica sa Hilagang Luzon,[3] at itaguyod sa halip ang isang patakarang panlabas na tunay na nagsusulong ng kapakanan ng sambayanang Pilipino.

Huwag tayong magpalinlang sa mga palabas at pagpapapogi sa pulitika. Kailangang manaig ang wastong proseso, at dapat gampanan ng bawat institusyon ang tungkuling ipinagkatiwala rito. Sa pamamagitan ng ating pagmamatyag, pagkilos, protesta, at sama-samang paniningil ng pananagutan, higit nating palalakasin ang panawagan para sa kapakanan ng sambayanan sa gitna ng lumalalang krisis sosyopolitikal at ekonomiko. Makiisa tayo sa iba pang sektor ng lipunang sibil upang igiit ang mga panawagang ito sa 2026 State of the Nation Address. Panahon na upang tayo naman ang magsabi: *Mahiya naman kayo!*

1 Hulyo 2026
Diliman, Lungsod Quezon

[3] https://www.rappler.com/technology/features/things-to-know-pax-silica-philippines-goals-concerns/



upd.edu.ph OfficialUPDiliman Official_UPD officialupdiliman official_up_diliman